

# Ang Paghahanap para sa Panloob na Kapayapaan (bahagi 4 ng 4): Ang Panloob na Kapayapaan ay Nakakamit sa Pagsuko sa Diyos

**Paglalarawan:** Ang totoong panloob na kapayapaan ay matatagpuan sa pamamagitan ng pagsuko sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat, mamuhay sa buhay na ito para sa Kanya, na alalahanin Siya at gawin ang Kabilang Buhay na higit na prayoridad kaysa sa buhay na ito. Ni Dr. Bilal Philips (transcribed from an audio lecture by Aboo Uthmaan)  
Nailathala noong 02 Jul 2020 - Huling binago noong 25 Dec 2007

Kategorya: [Mga Artikulo](#) > [Ang mga Pakinabang ng Islam](#) > [Tunay na Kaligayahan at Panloob na Kapayapaan](#)

Dapat nating tandaan na ang mga tao ay hindi makakakuha mula sa mundong ito maliban sa kung ano ang naisulat ng Diyos para sa kanila, ito ang kahahantungan. Matapos ang lahat na pagpapakapagod, puyat sa gabi, ang masipag magtrabaho na tao ay makukuha lamang ang kung ano ang inilaan ng Diyos para sa kanya. Ang Propeta, (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) ay nagsabi:

oeAng sinumang magtakda ng Kabilang Buhay bilang layunin niya, aasikasuhin ng Diyos ang kanyang mga gawain para sa kanya, bibigyan siya ng kayamanan ng (pananampalataya sa) puso at ang mundo ay lalapit sa kanya na walang angal at masunurin." (*Ibn Maajah, Ibn Hibbaan*)

Ang gayong tao ay nakakakuha ng kayamanan ng puso. Ang kayamanan ay hindi tungkol sa pagkakaroon ng maraming ari-arian, ngunit ang kayamanan ay ang pagkakaroon ng kayamanan ng puso, at ano ang kayamanan ng puso? Ito ay pagkakontento, at dito nagmumula ang kapayapaan, kapag ang isang tao ay isinusuko ang kanyang sarili sa Diyos, at ito ang Islam.

Ang panloob na kapayapaan ay ang pagtanggap ng Islam sa ating mga puso at pamumuhay ayon sa mga alituntunin ng Islam. Kaya ilalagay ng Diyos ang kayamanan sa puso ng isang tao at ang daigdig na ito ay mapapailalim sa kanya, maninikluhod at masunurin. Ang gayong tao ay hindi kailangang maghabol nito.

Ito ang Pangako ng Propeta na kung ang isang tao ay inuuna ang "unahin ang dapat mauna", at iyon ang Kabilang Buhay. Kung ang ay Paraiso ang nais natin dapat na maipakita ito sa ating buhay, dapat itong maging punto ng ating pagtuon, kung saan lagi nating inuuna.

Kaya paano natin malalaman kung ang Kabilang Buhay ang ating pinagtutuunan? Kung nakaupo tayo kasama ang isang tao at ang lahat ng pinag-uusapan natin ay ang pinakabagong mga kotse, mamahaling bahay, paglalakbay, pista at pera, kung ang karamihan sa ating mga pag-uusap ay tungkol sa mga materyal na bagay o tsismis, pinag-uusapan ang tungkol sa taong ito at sa taong iyon, ito ay nangangahulugan na ang Kabilang-buhay ay hindi natin pinagtutuunan. Kung ang Kabilang Buhay ang ating

pinagtutuunan ay masasalamon ito sa ating mga pag-uusap. Ito ay isang pinaka-pangunahing antas kung saan maaari nating husgahan ang ating sarili, kaya dapat tayong tumigil at tanungin ang ating mga sarili, "Anong mga usapin ang pinaggugugulan natin sa ating oras"?

Kung natagpuan natin na ganito ang ating prayoridad sa mundong ito, ibig sabihin kailangan nating magtuon ng pansin muli, kailangan nating unahin ang "mga bagay na dapat una", nangangahulugang ang Kabilang-buhay muna bago ang buhay ng mundong ito, at kung gagawin natin ito makakamit natin ang panloob na kapayapaan, at ipinagbigay-alam sa atin ng Diyos ang tungkol dito sa Quran, isang tiyak na hakbang na dapat gawin upang matamo ang panloob na kapayapaan, at sinabi ng Diyos:

**oeKatotohanan, sa pag-aala-ala kay Allah, ang mga puso ay nakakasumpong ng kapahingahan!" (Quran 13:28)**

Kaya't sa pamamagitan lamang ng pag-alaala sa Diyos na ang mga puso ay nakakahanap ng kapahingahan. Ito ang panloob na kapayapaan. Ang pag-alaala sa Diyos sa lahat ng ginagawa natin bilang mga Muslim. Ang Islam ay nabubuhay ng pag-alaala sa Diyos, at ang Diyos ay nagsabi:

**oeMagsagawa ng palagiang pagdaarasal bilang pag-aala-ala sa Akin..." (Quran 20:14)**

Lahat ng ginagawa natin (sa Islam) ay may kinalaman sa pag-alaala sa Diyos bilang mga Muslim. Sinabi ng Diyos:

**oeIpagbadya (O Muhammad): 'Katotohanan, ang aking dalangin, ang aking pagtitiis, ang aking pamumuhay, ang aking pagkamatay ay para kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.'" (Quran 6:162)**

Kaya narito ang paraan upang makamit ang panloob na kapayapaan, alalahanin ang Diyos sa lahat ng aspeto ng ating buhay.

Ang pag-alaalang ito (dhikr) ay hindi tulad ng iniisip ng ilang mga tao na umupo sa sulok ng isang madilim na silid na patuloy na inuulit "Allah, Allah, Allah ..." Hindi ganito ang pag-alaala sa Diyos. Oo, ang gayong tao ay nagbabanggit ng pangalan ng Diyos, ngunit kung iisipin natin ito, na may dumating sa iyo (at halimbawa ang iyong pangalan ay Muhammad) at patuloy na nagsasabing "Muhammad, Muhammad, Muhammad ..." magtataka ka kung ano ang mali sa tao. May gusto ba siya? May kailangan ba siya? Ano ang layunin ng pag-uulit ng aking pangalan nang walang karagdagang pag-uusap?

Hindi ito ang paraan upang alalahanin ang Diyos sapagkat hindi ganito ang pag-alaala ng Propeta sa Diyos at walang pag-uulat na siya ay gumagawa nito. Ang ilang mga tao ay nagsasabi na dapat nating alalahanin ang Diyos sa pamamagitan ng pagsayaw sa paligid o pag-indayog dito at doon. Hindi ito ang paraan upang alalahanin ang Diyos, dahil ito rin ay hindi kung paano inalala ng Propeta ang Diyos at walang pag-uulat sa kanya na ginagawa iyon.

Inaalaala ng Propeta ang Diyos sa kanyang buhay. Ang kanyang naging buhay ay buhay ng pag-alaala sa Diyos, namuhay siya, buhay na inaalala ang Diyos at ito ang totoong pag-alaala, sa ating mga dalangin at sa ating buhay at kamatayan.

Sa kabuuan, ang paghahanap para sa panloob na kapayapaan ay may kinalaman sa pagkilala sa mga problema na mayroon tayo sa ating buhay, pagkilala sa ating mga hadlang, pagkilala na ang panloob na kapayapaan ay darating lamang kapag nakikilala natin ang mga hadlang na iyon at nauunawaan kung alin sa mga ito ang maaari nating baguhin at pagtuunan natin ang mga hadlang na kaya natin mabago, ang mga nauugnay sa ating sarili.

Kung babaguhin natin ang ating sarili kung gayon ang Diyos ay babaguhin ang mundo sa ating paligid at bibigyan tayo ng paraan upang makitungo sa mundo sa ating paligid. Kahit na nagkakagulo ang mundo ay bibigyan tayo ng Diyos ng panloob na kapayapaan dito.

Anuman ang mangyari alam natin na ito ang itinakda ng Diyos at ito ay mga pagsubok ng Diyos at alam natin na sa huli ito ay para sa ating kabutihan at may kabutihan dito. Nilikha tayo ng Diyos sa mundong ito at ang mundo bilang paraan upang maabot ang Paraiso at ang mga pagsubok sa mundong ito ay ang ating sariling espirituwal na pag-usbong. Kung matatanggap natin ang lahat ng ito, matanggap ang Diyos sa ating puso ay saka lamang tayo makakatagpo ng panloob na kapayapaan.

Ang web address ng artikulong ito:

<http://www.islamreligion.com/tl/articles/637>

Copyright © 2006-2020 [IslamReligion.com](http://www.IslamReligion.com). Lahat ng mga karapatan ay inilaan.